# Maging Handang RedCross

## Checklist para sa Kaligtasan sa Pagguho ng Lupa

**Ang mga pagguho ng lupa ay nagaganap sa halos lahat ng estado at maaaring magdulot ng malaking pinsala. Ang terminong pagguho ng lupa ay nagsasalarawan sa pababang paggalaw ng lupa na maaaring mabagal ang pagkilos at sa kalaunan ay unti-unting makasira, o mabilis na gumalaw at makasira ng ari-arian at biglaan at hindi inaasahang makapatay. Karamihan ng mga pagguho ng lupa ay dulot ng mga natural na puwersa o mga kaganapan katulad ng matinding pag-ulan at pagtunaw ng niyebe, pagyanig ng lindol, mga pagputok ng bulkan at hatak ng lupa (gravity). Ang mga pagguho ng lupa ay kadalasang kaugnay ng panahon ng matinding pag-ulan o mabilis na natutunaw na niyebe at nagpapalala sa epekto ng pagbaha. Ang mga lugar na nasunog ng mga apoy sa gubat at mga palumpong ay partikular din na madaling magkaroon ng pagguho ng lupa.**

### Pagsama-samahin ang mga supply sakaling kailangan mong lumisan:

• Tubig—3-araw na supply; isang galon bawat tao, bawat araw • Pagkain—3-araw na supply ng hindi napapanis, madaling ihandang pagkain • Flashlight Radyong de-baterya o pinipihit ng kamay (NOAA Weather Radio, kung posible) • Mga ekstrang baterya • Kit para sa paunang lunas • Mga gamot (pang 7-araw na supply) at medikal na kagamitan • Tool para sa iba't-ibang paggagamitan • Mga gamit panlinis at pampersonal na kalinisan • Mga kopya ng personal na dokumento (listahan ng gamot, mahalagang impormasyong medikal, katibayan ng address, titulo/kontrata sa bahay, mga pasaporte, mga sertipiko ng kapanganakan, mga polisa ng seguro) • Mga cell phone na may charger • Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at emerhensiya • Ekstrang pera • Iba pang mahalagang bagay na hindi mapapalitan kapag nasira

### Ano ang aking dapat gawin kung nakatira ako sa lugar na nasa peligro ng pagguho ng lupa?



- ❑ Ang mga pagguho ng lupa kadalasan ay nangyayari sa mga lugar kung saan ito nakaraang naganap. Alamin ang peligro sa pagguho ng lupa sa inyong lugar. Ang mga pagguho ng lupa ay tinatawag din na paggugo ng putik, agos ng mga sukal, agos ng putik o mga avalanche ng mga sukal.
- ❑ Alamin ang tungkol sa lokal na tugon sa emerhensiya at mga plano sa paglisan.
- ❑ Kausapin ang lahat sa inyong tahanan tungkol sa gagawin sakaling may maganap na pagguho ng lupa.
- ❑ Gumawa at magsanay ng plano sa paglisan para sa inyong pamilya at inyong negosyo.
- ❑ Magbuo at magpanatili ng kit para sa kahandaan sa emerhensiya.
- ❑ Kilalanin ang lupa sa paligid ng inyong tirahan at pinagtatrabahuhan para maintindihan mo ang inyong peligro sa magkakaibang sitwasyon.
- ❑ Tingnan ang mga pattern ng daluyun ng tubig kapag may bagyo sa mga lusungan na malapit sa inyong bahay, alo na kung saan nagtatagpo ang tubig.
- ❑ Ang agos ng mga sukal at ibang mga pagguho ng lupa sa mga kalye ay karaniwan sa panahon ng pag-ulan.
- ❑ Ang lupang matindi ang pagkababad ay mas malaki ang posibilidad na magka-agos ng putik at agos ng mga sukal.
- ❑ Alamin na, sa pangkalahatan, ang seguro sa pagguho ng lupa ay hindi makukuha, ngunit ang pagkasira dahil sa agos ng mga sukal ay maaaring saklaw ng mga patakaran sa seguro sa pagbaha mula sa National Flood Insurance Program (NFIP) sa **www.fema.gov/business/nfip**.

### Ano ang aking dapa gawin kung ang pagguho ng lupa ay nagaganap o maaaring maganap?



- ❑ Kung nagsususpetsa ka ng paparating na panganib, lumisan agad. Sabihan ang mga malalapit na kapitbahay kung maaari, at makipag-ugnay sa inyong pampublikong tagagawa, kagawaran ng sunog o pulis.
- ❑ Makinig para sa mga kakaibang tunog na maaaring tumukoy sa paggalaw ng mga sukal, katulad ng mga napuputol na puno, o mga nag-uumpugang malalaking bato.
- ❑ Kung malapit ka sa estero o channel, maging alerto para sa anumang biglaang pagtaas ng agos ng tubig at pansinin kung ang tubig ay nagbabago mula malinaw ay nagiging maputik. Ang ganitong mga pagbabago ay maaaring ibig sabihin ay may agos ng mga sukal sa itaas kaya maging handang kumilos nang mabilis.
- ❑ Maging lalong alerto kapag nagmamaneho—magbantay sa bagsak na semento, putik, mga nalaglag na bato at ibang indikasyon ng posibleng agos ng mga sukal.
- ❑ Kung naatasan ka o nagdesisyong lumisan, isama ang iyong mga hayop.
- ❑ Isaalang-alang ang pang-iwas na paglisan ng marami o ilang mga hayop kapag nalaman mo ang paparating na peligro.

#### Sa Panahon ng Matinding Bagyo

- ❑ Maging alerto at gising. Karamihan sa mga namamatay mula sa pagguho ng lupa ay nagaganap kapag tulog ang mga tao.
- ❑ Makinig sa mga lokal na estasyon ng balita gamit ang de-bateryang radyo para sa mga babala sa malakas na ulan.
- ❑ Isiping lumisan kung ligtas gawin ito.

### Ano ang aking dapat gawin matapos ang pagguho ng lupa?



- ❑ Lumayo sa lugar ng pagguho hangga't sabihin ng mga lokal na opisyal na ligtas nang pumasok.
- ❑ Makinig sa mga lokal na estasyon gamit ang madaling dalhin na de-bateryang radyo para sa pinakahuling impormasyon sa emerhensiya.
- ❑ Magbantay sa pagbaha—ang mga baha ay minsan sumusunod sa pagguho ng lupa at agos ng mga sukal.
- ❑ Maghanap ng mga nasaktan at nakulong na mga tao at hayop malapit sa pagguho nang hindi pumapasok sa lugar ng pagguho.
- ❑ Tulungan ang mga tao na nangangailangan ng espesyal na tulong.
- ❑ Maghanap at iulat ang mga nasirang linya ng utility sa mga wastong awtoridad.
- ❑ Suriin ang pundasyon ng inyong tahanan, daanan ng usok at nakapaligid na lupa para sa pagkasira.
- ❑ Mad gtanim muli agasa nasirang lupa dahil ang pagguho na dulot ng kawalan ng takip ng lupa ay maaaring pagmulang ng biglaang pagbaha.

## Ipaalam sa Iyong Pamilya na Ikaw ay Ligtas

Kung ang inyong komunidad ay nakaranas ng sakuna, magrehistro sa American Red Cross Safe and Well na Web site makukuha sa pamamagitan ng **RedCross.org/SafeandWell** upang ipaalam sa iyong mga pamilya at mga kaibigan ang iyong kapakanan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa **1-866-GET-INFO** upang irehistro ang iyong sarili at ang pamilya mo.

American Red Cross

Para sa higit pang impormasyon sa sakuna at pagkahanda sa emerhensiya, bumisita sa **RedCross.org**.

Karapatang-ari © 2009 ng American National Red Cross